



KAKAYAHANG MATIRAHAN 103: MGA OBLIGASYON NG NANGUNGUPAHAN AT NAGPAPAUPA RD OBLIGATIONS


Mga Obligasyon ng Nagpapaupa

Alinsunod sa mga seksyon 1941.1 at 1941.3 ng Civil Code ng California, kinakailangan ng isang nagpapaupa na tiyakin na ang isang paupahang yunit ay mayroong mga sumusunod:

- Mabisang waterproofing at proteksyon sa panahon para sa bubong, mga dingding, mga bintana, at mga pinto
- Ang mga pasilidad ng tuberyas o gas ay pinananatiling maayos na gumagana
- Mainit at malamig na umaagos na tubig at isang gumaganang sistema ng dumi sa alkantarilya
- Mga pasilidad ng pag-iinit na pinananatiling maayos na gumagana
- Ang mga de-koryenteng ilaw at mga kable ay pinananatiling maayos na gumagana
- Mga gusali, mga paligid, at karaniwang mga lugar ay malinis, pangkalusugang malinis, at walang akumulasyon ng mga labi, dumi, basura, mga daga at peste
- Sapat na mga lalagyan ng basura
- Mga sahig, mga hagdanan, at mga rehas ay pinananatiling nasa maayos na pagkukumpuni
- Mga deadbolt sa mga panlabas na pintuan
- Wastong mga kandado sa mga bintana

Dapat ding sumunod ang isang nagpapaupa sa mga pamantayang itinakda sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan (mga seksyon 17920.3 at 17920.10). Ang isang gusali ay hindi sumusunod sa mga kodigong ito kung ang mga kundisyon sa itaas ay naroroon, o kung ang yunit ay naglalagay sa panganib sa buhay, mga paa't kamay, kalusugan, propyedad, kaligtasan, o kapakanan ng mga nakatira o publiko.

Mga Obligasyon ng Isang Nangungupahan



Alinsunod sa mga seksyon 1929 at 1941.2., ang isang nangungupahan ay may pananagutan para sa mga sumusunod:

- Gumawa ng makatwirang pangangalaga ng kanilang mga yunit, gayundin ang mga karaniwang lugar tulad ng mga pasilyo at mga lugar sa labas.
 - Hal: regular na maglabas ng basura, gumamit ng mga silid para sa nilalayon, huwag dungisan o seryosong sirain ang propyedad
- Huwag sirain, pinsalain, o dungisin ang lugar, o payagan ang sinuman na gawin ito.
 - Huwag tanggalin ang anumang bahagi ng istraktura, yunit ng tirahan, mga pasilidad, kagamitan, o mga dagdag na kagamitan
- Gamitin at paandarin nang maayos ang gas, elektrikal, at mga kabit ng tuberyas.
- Ayusin ang lahat ng sira dulot ng kanilang pagpapabaya o pang-aabuso, at para sa pagkukumpuni ng pinsalang dulot ng sinumang may pananagutan sa kanila, tulad ng pamilya, mga bisita, o mga alagang hayop.

MAHALAGA: Ang mga nangungupahan ay dapat makipag-usap sa isang abogado kung mayroon silang mga partikular na isyu sa kanilang mga paupahang yunit. Ang flyer na ito ay para sa pangkalahatang impormasyon lamang.

Para Sa karagdagang impormasyon: